# PAKIKIPAGTALASTASAN SA EPEKTIBONG PARAAN

*by:*
**JAYSON D. CASTILLO**
*Limay National High School*

Ang kakayahang makipagtalastasan sa epektibong pamamaraan ay isa sa mga layunin ng K-to-12 at isa sa pinagtutuunan ng pansin ng mga guro sa Filipino. Maraming paraan upang mapaunlad ito, isa na rito ang simpleng pagkakaroon ng diskurso sa pagitan ng isang guro at kanyang estudyante. Ayon sa isang pag-aaral na isinagawa ni Stanfield (2020), isa ang pakikipag-usap nang madalas sa mga mag-aaral sa mga paraan upang mas mapagyaman ang kakayahang makipag-usap---isang kalinangan na kanilang madadala hanggang sa sila ay maging mga propesyunal na. Ang pamamaraang ito ay maaaring maisakatuparan sa mga sumusunod na taktika:

Magpakita ng halimbawa. Karamihan sa mga kabataan ngayon ay naiimpluwensyahan ng kung ano ang kanilang nakikita sa mga social media at napapanood sa mga sangguniang ang layon ay aliwin ang kanilang mga isipan. Karamihan sa mga material na ito, hindi naayon sa tamang balarila at balangkas ang diskursong inilalatag kaya naman Malaki ang tsansa na ang mga mag-aaral ay magsalita rin sa katulad na paraan. Kung mayroong halimbawa na maipapakita sa mga mag-aaral at maipaliliwanag sa kanila na ito ang dapat tularan at gayahin, mas magkakaroon sila ng gising na kamalayan sa kayarian ng mga salitang kanilang binibigkas.

Halinhinang pakikipagtalastasan. Dagdag pa sa naunang isinaad na pamamaraan, ang pagkakaroon ng interaktibong talastasan sa pamamagitan ng halinhinang tanungan at sagutan ay makaktulong upang masanay ang mga mag-aaral na mabigkas ang kanilang mga saloobin at ideya. Matututo rin ang mga mag-aaral na makinig nang may pang-unawa habang ang kausap ay nagsasalita pa. Samantalang ang halinhinan ay makaktulong sa pagbuo ng mas solidong kamalayan sa isang paksa, ito rin ay sinasabing

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

isa sa epektibong paraan upang mabuo ang kamalayang magkaroon ng pakialam sa nais ibahagi ng iba. Bukod pa rito, ayon sa lathalang inilabas ng CST Academy (2022), ang isang mag-aaral na hindi marunong makipaghalinhinan sa pakikipag-usap ay maaaring mahirapang makabuo ng maayos na ugnayan sa iba.

Marespetong Bokabularyo. Mahalagang mapaunlad ng isang estudyante ang kanyang bokabularyo at ang mga salitang kanyang nalalaman upang alam niya ang angkop na balangkas ng pakikipagkomunikasyon ayon sa sitwasyon at kanyang kinalalagyan ngunit hindi sapat na mapalawak lamanbg ito, bagkus ay nararapat na ito ay maging marespeto sa lahat ng aspeto. Paniniwala nga ng mga nakatatanda, daig ng magalang ang maalam. Mahalagang maturuan ang mga mag-aaral sa kung paano makikiangkop sa sitwasyon lalo na sa kung sino ang kanilang kausap. Ayon sa Empatico (2022), mahalagang ituro sa mga kabataan ang pananatili ng paggalang sa kabila ng hindi pagkakasundo. Mainam din diumano na sila ay turuan kung paano gagamitin sa epektibong pamamaraan ang mga wika ng katawan upang mas lumabas na magalang ang pananalita.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Bilang guro, ang mapaunlad ang kakayahang makipag-usap ng mga mag-aaral ay isang mahalagang ambag sa kanilang kinabukasan. Sa pamamagitan nito, mapapaunlad ang kanilang bokabularyo, malalaman nila ang tamang paraan ng pakikipagtalastasan, at magkakaroon sila ng pundasyon sa kung paano nilang epektibong maipapahayag ang kanilang mga sarili lalo na kung sila ay naging propesyunal na at nakapagtapos na ng pag-aaral. Bukod sa pisikal at intelektwal na kakayahan, ang kagalingang makipagkomunikasyon ay isang maituturing na diskarte sa upang umusad sa iba-t ibang larangan.

*References:*

Stanfield, J. (2020). 8 Paraan Sa Pagtuturo ng Epektibong Komunikasyon. Nakuha noong ika-23 ng Hunyo 2022 sa www.stanfield.com

Empatico (2022). Magalang na Pakikipag-usap. Nakuha noong ika-23 ng Hunyo 2022 sa www.empatico.org

CST Academy (2022). Bakit mahalaga ang Halinhinang Pakikipag-usap sa Pagpapaunlad ng Wika? Nakuha noong ika-23 ng Hunyo 2022 sa www.cstacademy.com

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan